
# Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan VI

**May-Akda:** **Maria Josefeta Chona C. Coral**
**Designation:** **Master Teacher II**
**Paaralan:** **CENTEX Manila**




**I. Layunin**

1. Natatalakay ang mga pangyayari noog panahon ng batas military
2. Nailalarawan ang mga pangyayari dulot ng batas military
3. Napahahalagahan ang pagkakaroon ng pagkakabuklod ng mag-anak at pagiging makabayan

**II. Paksang-aralin**

1. Pamagat: "Isang harding Papel"
2. Isinulat ni Augie Rivera
3. Iginuhit ni Rommel Joson
4. Pagpapahalaga: Pagkakabuklod ng mag anak at pagiging makabayan

**III. Pamamaraan**

1. **Paghawan ng Balakid**

| Salita | Pamamaraan |
|---|---|
| bell bottoms | pagpapakita ng larawan |
| curfew | paggamit sa konteksto—<br>"Nagpaalam ang kuya kay nanay na aalis kasama ang kanyang mga kaibigan. Binigyan ni nanay ng curfew si kuya. Kailangan ni kuyang makauwi bago mag alas-diyes." |
| Metrocom | pagpapakita ng larawan at pagtalakay ng kanilang responsibilidad |
| Metro Aides | pagpapakita ng larawan at pagtalakay ng kanilang responsibilidad |
| nutribun | pagpapakita ng larawan |
| piyambrera | pagpapakita ng larawan |




Copyright © 2017 by Ayala Foundation

**2. Pangganyak**

a. Motivation Activity

Bubuuin ng klase ang word square. Ibabahagi ng mga bata ang kanilang nalalaman at damdamin tungkol sa **martial law**.




b. Motive Question

Kung ipabubuo natin sa tauhan sa kuwento ang word square, ano kaya ang lalamanin nito? Alamin natin sa kuwentong ating babasahin.


**3. Pagbasa ng Kuwento**

Read Aloud ang pamamaraan na gagamitin sa pagbabasa ng kuwento

**4. Pagkatapos bumasa**

Balikan ang Motive Question/Activity

Kung ipabubuo natin sa tauhan sa kuwento ang word square, ano kaya ang lalamanin nito?




*Philosophy for Children approach* ang gagamitin upang mapalalim ang diskurso tungkol sa mga pangyayari sa kuwento.

- Bibigyan ng guro ang bawat bata ng kopya ng Discussion Guide.
- Maaaring bigyan ng pagkakataon ng guro ang mga batang dagdagan ang mga tanong sa Discussion Guide.

**A. Discussion Guide:**

1. Bakit nagkaroon ng batas militar? Para saan ito?
2. Anu-ano ang mga kaganapan sa panahon ng batas militar na nagpahirap sa mga mamamayan?
3. Bilang isang munting mamamayan, ano ang naging mapait na karanasan ni Jenny ukol sa batas militar?
4. Ano ang iyong opinyon tungkol sa desisyon ni Aling Chit na sumali sa demonstrasyon laban sa administrasyong Marcos?
5. Anong uri ng bata si Jenny at anong pagpapahalaga ang kanyang ipinakita sa kuwento?
6. Kung ikaw si Jenny, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa para sa kanyang ina?
7. Ano ang kaugnayan ng harding papel sa mag-inang Jenny at Aling Chit?



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

8. Paano ipinakita ng may-akda ang magagandang katangian ng mag-anak sa kuwento?
9. Paano nagwakas ang pangungulila ni Jenny sa kanyang ina?

**B. Takdang Aralin at Pangkatang Gawain**

1. Papangkatin ng guro ang mga bata. Bibigyan ng mga gawain ang bawat pangkat.
   **Pangkat 1** - Pagsulat ng malayang sanaysay tungkol sa martial law. Talakayin ang mga nagging epekto nito.
   **Pangkat 2** - Pakikipanayam sa mga taong nabuhay noong panahon ng martial law. Maaaring mag-imbita ng magulang sa paaralan na nakaranas ng martial law noong Administrasyong Marcos bilang resource speaker. Hayaan ang mga batang magtanong sa resource speaker.
   **Pangkat 3** – Pagsasaliksik sa Internet ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ng martial law noong Admnistrasyong Marcos sa nangyayari ngayon sa Mindanao.
   **Pangkat 4** - Paglikha ng origami at pagbibigay kahulugan sa mga ito.

2. Presentasyon at ebalwasyon ng mga gawain
   - Ang presentasyon ng mga gawain ay maaring gawin sa susunod na araw
   - Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na magtanong at magbigay ng kanilang opinyon tungkol sa ibabahagi ng bawat pangkat

     *T: Ano ang inyong saloobin tungkol sa Martial Law pagkatapos basahin ang kuwento? Kapareho bai to sa saloobin ng mga miyembro ng Pangkat I. Tawagin natin ang **Pangkat I** upang basahin ang sanaysay na kanilang nagawa.*

     *T: Kung ating tatanungin natin ang mga taong nabubuhay noon panahon ng martial Law tungkol sa kanilang nalalaman o karanasan, anu-ano kaya ang kanilang ibabahagi? Tawagin natin ang **Pangkat II** upang ibahagi ang kanilang natutunan sa resource speaker.*

     *T: Mayroong mga personalidad na nabanggit sa ating kuwento, sa sanaysay at sa panayam, kung ikaw ay gagawa ng isang liham sa mga taong ito, sino ang gagawan mo ng liham? Ano ang nais mong sabihin sa kanila? Tawagin natin ang **Pangkat III** upang ibahagi ang kanilang ginawa.*

     *T: Ang mga mensahe na nais nating iparating ay maaari ring sabihin sa ibang paraan, gamit ang origami, anong mensahe ang nais ninyong iparating sa mga tao tungkol sa martial law? Ibabahagi ito ng **Pangkat IV**.*

**IV. Paglalapat**

Mula sa diskusyon natin sa klase tungkol sa martial law, makatutulong ba sa kasalukuyang panahon ang pagkakaroon ng batas militar? Bakit? Bakit hindi?

Maglaan ng “freedom wall” sa isang sulok ng klarum. Dito, maaaring isulat ng mga bata ang kanilang opinyon tungkol sa isyung pinag-uusapan.

**V. Pagpapahalaga**

Paano mo ipakikita sa iyong pamilya ang inyong pagkakabuklud-buklod?



Copyright © 2017 by Ayala Foundation